# Following Christ

By President Dallin H. Oaks
*First Counselor in the First Presidency*

# Pagsunod kay Cristo

Ni Pangulong Dallin H. Oaks
*Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

October 2024 general conference

*As followers of Christ, we teach and testify of Jesus Christ, our Perfect Role Model. So let us follow Him by forgoing contention.*

*Bilang tagasunod ni Cristo, itinuturo natin at pinatototohanan si Jesucristo, ang ating Perpektong Huwaran. Kaya tularan natin Siya sa pamamagitan ng pag-iwas sa alitan.*

This year millions have been inspired by the gospel study plan known by the Savior's invitation "Come, follow me."Following Christ is not a casual or occasional practice. It is a continuous commitment and way of life that should guide us at all times and in all places. His teachings and His example define the path for every disciple of Jesus Christ. And all are invited to this path, for He invites all to come unto Him, "black and white, bond and free, male and female; … and all are alike unto God."

Sa taong ito, milyun-milyon ang nabigyang inspirasyon sa plano ng pag-aaral ng ebanghelyo na kilala sa paanyaya ng Tagapagligtas na "Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin."Ang pagsunod kay Cristo ay hindi isang kaswal o paminsan-minsang gawain. Ito ay tuloy-tuloy na katapatan at paraan ng pamumuhay na dapat na gumabay sa atin sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar. Ang Kanyang mga turo at Kanyang halimbawa ang tumutukoy sa landas para sa bawat disipulo ni Jesucristo. At lahat ay inaanyayahan sa landas na ito, dahil inaanyayahan Niya ang lahat na lumapit sa Kanya, "maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae; … at pantay-pantay ang lahat sa Diyos."

## I.

The first step in following Christ is to obey what He defined as "the great commandment in the law":

"Thou shalt love the Lord thy God with all thy heart, and with all thy soul, and with all thy mind.

"This is the first and great commandment.

"And the second is like unto it, Thou shalt love thy neighbour as thyself.

"On these two commandments hang all the law and the prophets."

The commandments of God provide the guiding and steadying force in our lives. Our experiences in mortality are like the little boy

## I.

Ang unang hakbang sa pagsunod kay Cristo ay ang sumunod sa bagay na Kanyang ipinaliwanag na "ang dakilang utos sa kautusan":

"Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo.

"Ito ang dakila at unang utos.

"At ang pangalawa ay katulad nito, Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.

"Sa dalawang utos na ito nakasalig ang buong kautusan at ang mga propeta."

Ang mga kautusan ng Diyos ay nagbibigay ng matatag at gumagabay na impluwensiya sa ating mga buhay. Ang ating mga karanasan sa

and his father flying a kite on a windy day. As the kite rose higher, the winds caused it to tug on the connecting string in the little boy's hand. Inexperienced with the force of mortal winds, he proposed to cut the string so the kite could rise higher. His wise father counseled no, explaining that the string is what holds the kite in place against mortal winds. If we lose our hold on the string, the kite will not rise higher. It will be carried about by these winds and inevitably crash to the earth.

mortalidad ay tulad ng munting batang lalaki at ng kanyang tatay na nagpapalipad ng saranggola sa isang mahangin na araw. Habang mas tumatayog ang saranggola, nahihila ng hangin ang nakadugtong na tali sa kamay ng munting batang lalaki. Dahil kulang sa karanasan sa pwersa ng mortal na mga hangin, iminungkahi niyang putulin ang tali upang mas tumayog pa ang lipad ng saranggola. Ang kanyang matalinong tatay ay nagpayong huwag, ipinaliliwanag na ang tali ang nagpapanatili sa saranggola sa kinalalagyan nito laban sa mortal na mga hangin. Kapag nakabitiw tayo sa pagkakahawak sa tali, ang saranggola ay hindi mas tatayog ang lipad. Ito ay tatangayin ng mga hanging ito at hindi maiiwasang sasadsad sa lupa.

That essential string represents the covenants that connect us to God, our Heavenly Father, and His Son, Jesus Christ. As we honor those covenants by keeping Their commandments and following Their plan of redemption, Their promised blessings enable us to soar to celestial heights.

Ang mahalagang tali ay kumakatawan sa mga tipan na umuugnay sa atin sa Diyos, sa ating Ama sa Langit, at sa Kanyang anak na si Jesucristo. Habang nagiging tapat tayo sa mga tipang iyon sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanilang mga utos at pagsunod sa Kanilang plano ng pagtubos, ang Kanilang pangakong mga pagpapala ay magbibigay sa atin ng kakayahang makalipad sa selestiyal na mga kataasan.

The Book of Mormon frequently declares that Christ is "the light of the world."During His appearance to the Nephites, the risen Lord explained that teaching by telling them: "I have set an example for you.""I am the light which ye shall hold up—that which ye have seen me do."He is our role model. We learn what He has said and done by studying the scriptures and following prophetic teachings, as President Russell M. Nelson has urged us to do.In the ordinance of the sacrament, we covenant each Sabbath day that we will "always remember him and keep his commandments."

Ang Aklat ni Mormon ay madalas na nagsasabing si Cristo "ang ilaw ng sanlibutan."Sa Kanyang pagpapakita sa mga Nephita, ang nabuhay na mag-uling Panginoon ay nagpaliwanag sa turong iyon sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila na, "Ipinakita ko ang isang halimbawa sa inyo.""Ako ang ilawan na inyong itataas—na nakita ninyong ginawa ko."Siya ang ating huwaran. Natututuhan natin ang Kanyang mga sinabi at ginawa sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagsunod sa mga turo ng propeta tulad ng panghihikayat sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson na gawin natin.Sa ordenansa ng sakramento, nakikipagtipan tayo tuwing araw ng Sabbath na tayo ay "lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan."

## II.

In the Book of Mormon, the Lord gave us the fundamentals in what He called "the doctrine of Christ." These are faith in the Lord Jesus Christ, repentance, baptism, receiving the gift of the Holy Ghost, enduring to the end, and becoming as a little child,which means to trust the Lord and submit to all He requires of us.

## II.

Sa Aklat ni Mormon, ibinigay sa atin ng Panginoon ang mga pangunahing kaalaman sa Kanyang tinawag na "ang doktrina ni Cristo." Ito ay ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, binyag, pagtanggap sa handog ng Espiritu Santo, pagtitiis hanggang sa wakas, at pagiging gaya ng isang maliit na bata,na ang ibig sabihin ay magtiwala sa Panginoon at magpasakop sa lahat ng ipagagawa Niya sa atin.

The Lord's commandments are of two types: permanent, like the doctrine of Christ, and temporary. Temporary commandments are those necessary for the needs of the Lord's Church or the faithful in temporary circumstances, but to be set aside when the need has passed. An example of temporary commandments are the Lord's directions to the early leadership of the Church to move the Saints from New York to Ohio, to Missouri, and to Illinois and finally to lead the pioneer exodus to the Intermountain West. Though only temporary, when still in force these commandments were given to be obeyed.

Ang mga kautusan ng Panginoon ay may dalawang uri, permanente tulad ng doktrina ni Cristo, at pansamantala. Ang pansamantalang mga kautusan ay yaong mahalaga para sa pangangailangan ng Simbahan ng Panginoon o ng matapat sa isang pansamantalang kalagayan, ngunit isasantabi rin kapag lumipas na ang pangangailangan. Isang halimbawa ng pansamantalang mga kautusan ay ang direksiyon ng Panginoon sa mga lider ng Simbahan noon na dalhin ang mga Banal mula sa New York patungo sa Ohio, patungo sa Missouri, patungo sa Illinois, at sa huli ay na akayin ang pioneer exodus patungo sa Intermountain West. Kahit na pansamantala lamang, kapag iniutos, ang mga ito ay ibinigay upang sundin.

Some permanent commandments have taken considerable time to be generally observed. For example, President Lorenzo Snow's famous sermon on the law of tithing emphasized a commandment given earlier but not yet generally observed by Church members.It needed reemphasis in the circumstances then faced by the Church and its members. Recent examples of reemphases have also been needed because of currentcircumstances faced by Latter-day Saints or the Church. These include the proclamation on the family, issued by President Gordon B. Hinckley a generation ago,and President Russell M. Nelson's recent call for the Church to be known by its revealed name, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.

Ang ilang permanenteng mga kautusan ay dumaan sa ilang panahon bago maging lubos na magawa ng lahat. Halimbawa, ang popular na turo ni Pangulong Lorenzo Snow sa batas ng ikapu ay nagbibigay-diin sa isang utos na ibinigay na noon ngunit hindi pa lubos na ginagawa ng mga miyembro ng Simbahan.Kinailangan nitong muling bigyang-diin sa mga kalagayang kinaharap noon ng Simbahan at ng mga miyembro nito. Ang mga napapanahong halimbawa ng pagbibigay-diin ay kinailangan dahil sa mga napapanahong kalagayang kinakaharap ng mga Banal sa mga Huling Araw o ng Simbahan. Kinabibilangan ito ng pagpapahayag sa mag-anak na inilabas ni Pangulong Gordon B. Hinckley isang henerasyon na ang nakalipasat ang kamakailang panawagan ni Pangulong Russell M. Nelson na ipakilala ang Simbahan sa inihayag na pangalan nito, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

## III.

Another of our Savior's teachings seems to require reemphasis in the circumstances of our day.

This is a time of many harsh and hurtful words in public communications and sometimes even in our families. Sharp differences on issues of public policy often result in actions of hostility—even hatred—in public and personal relationships. This atmosphere of enmity sometimes even paralyzes capacities for lawmaking on matters of importance where most citizens see an urgent need for some action in the public interest.

## III.

May isa pa sa mga turo ng Tagapagligtas na tila nangangailangan ng muling pagbibigay-diin sa mga kalagayan sa ating panahon.

Ngayon ay panahon ng maraming mararahas at masasakit na salita sa mga pag-uusap sa publiko at kung minsan kahit sa ating mga pamilya. Ang mga tahasang pagkakaiba sa mga isyu ng pampublikong patakaran ay kadalasang humahantong sa pagtatalo—maging pagkapoot—sa pampubliko at pampribadong mga relasyon. Ang kapaligirang may poot ay nakapagpaparalisa kung minsan sa kakayahang gumawa ng batas sa mga bagay na mahalaga kung saan ang karamihan sa mga mamamayan ay nakikita ang agarang

What should followers of Christ teach and do in this time of toxic communications? What were His teachings and examples?

It is significant that among the first principles Jesus taught when He appeared to the Nephites was to avoid contention. While He taught this in the context of disputes over religious doctrine, the reasons He gave clearly apply to communications and relationships in politics, public policy, and family relationships. Jesus taught:

"He that hath the spirit of contention is not of me, but is of the devil, who is the father of contention, and he stirreth up the hearts of men to contend with anger, one with another.

"Behold, this is not my doctrine, to stir up the hearts of men with anger, one against another; but this is my doctrine, that such things should be done away."

In His remaining ministry among the Nephites, Jesus taught other commandments closely related to His prohibition of contention. We know from the Bible that He had previously taught each of these in His great Sermon on the Mount, usually in precisely the same language He later used with the Nephites. I will quote the familiar Bible language:

"Love your enemies, bless them that curse you, do good to them that hate you, and pray for them which despitefully use you, and persecute you."

This is one of Christ's best-known commandments—most revolutionary and most difficult to follow. Yet it is a most fundamental part of His invitation for all to follow Him. As President David O. McKay taught, "There is no better way to manifest love for God than to show an unselfish love for one's fellowmen."

Here is another fundamental teaching by Him who is our role model: "Blessed are the peacemakers: for they shall be called the children of God."

Peacemakers! How it would change personal relationships if followers of Christ would forgo

pangangailangan para sa ilang gawi sa pampublikong interes.

Ano ang dapat na ituro at gawin ng mga tagasunod ni Cristo sa panahong ito ng 'di kanais-nais na pakikipag-usap? Ano ba ang Kanyang mga turo at halimbawa?

Napakahalagang sa lahat ng mga unang alituntuning itinuro ni Jesus nang Siya ay nagpakita sa mga Nephita ay ang iwasan ang pagtatalo. Bagama't itinuro Niya ito sa konteksto ng alitan sa mga doktrina sa relihiyon, ang dahilang ibinigay Niya ay malinaw na nauugnay sa mga pakikipag-usap at relasyon sa politika, pampublikong patakaran, at relasyon ng pamilya. Itinuro ni Jesus:

"Siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang puso ng mga tao na makipagtalo nang may galit sa isa't isa.

"Masdan, hindi ito ang aking doktrina, na pukawin sa galit ang puso ng mga tao, isa laban sa isa; kundi ito ang aking doktrina, na ang mga gayong bagay ay maiwaksi."

Sa Kanyang nalalabing ministeryo sa mga Nephita, itinuro ni Jesus ang iba pang kautusang malapit na nauugnay sa Kanyang pagbabawal sa pagtatalo. Nalaman natin mula sa Biblia na nauna na Niyang itinuro ang bawat isa nito sa Kanyang dakilang Pangangaral sa Bundok, karaniwan sa parehong mga salita na ginamit Niya sa mga Nephita. Aking sasabihin ang pamilyar na mga salita mula sa Biblia:

"Mahalin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo sila na sumusumpa sa inyo, gawan ninyo ng mabuti sila na napopoot sa inyo, at ipanalangin ninyo sila na may masamang hangarin sa paggamit sa inyo at umuusig sa inyo."

Ito ang isa sa mga pinakakilalang kautusan ni Cristo—pinakanakapagpapabago at pinakamahirap na sundin. Ngunit ito ay ang pinakapangunahing bahagi ng Kanyang paanyaya para sa lahat na sumunod sa Kanya. Tulad ng itinuro ni Pangulong David O. McKay, "Wala nang ibang mas mabuting paraan para ipamalas ang pag-ibig sa Diyos kaysa sa pagpapakita ng di-sakim na pagmamahal sa kapwa-tao."

Narito ang isa pang pangunahing turo Niya na ating mabuting huwaran: "Pinagpala ang lahat ng tagapamayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos."

Mga Tagapamayapa! Paano magbabago ang mga personal na relasyon kung ang mga

harsh and hurtful words in all their communications.

In general conference last year, President Russell M. Nelson gave us these challenges:

"One of the easiest ways to identify atrue followerof Jesus Christ is how compassionately that person treats other people. …

"… True disciples of Jesus Christ are peacemakers.

"… One of the best ways we can honor the Savior is to become a peacemaker."

Concluding his teachings: "Contention is a choice. Peacemaking is a choice. You have your agency to choose contention or reconciliation. I urge you tochooseto be a peacemaker, now and always."

Potential adversaries should begin their discussions by identifying common ground on which all agree.

To follow our Perfect Role Model and His prophet, we need to practice what is popularly known as the Golden Rule: "All things whatsoever ye would that men should do to you, do ye even so to them: for this is the law and the prophets."We need to love and do good to all. We need to avoid contention and be peacemakers in all our communications. This does not mean to compromise our principles and priorities but to cease harshly attacking others for theirs. That is what our Perfect Role Model did in His ministry. That is the example He set for us as He invited us to follow Him.

In this conference four years ago, President Nelson gave us a prophetic challenge for our own day:

"Areyouwilling to let God prevail in your life? Areyouwilling to let God be the most important influence in your life? Will you allow His words, His commandments, and His covenants to influence what you do each day? Will you allow His voice to take priority over any other?"

tagasunod ni Cristo ay iiwasan ang mararahas at masasakit na mga salita sa lahat ng kanilang pakikipag-usap.

Sa pangkalahatang kumperensya noong nakaraang taon, ibinigay ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga hamong ito:

"Isa sa pinakamadadaling paraan para makilala ang isangtunay na tagasunodni Jesucristo ay kung gaano niya tinatrato nang may pagkahabag ang ibang tao. …

"… Ang tunay na mga disipulo ni Jesucristo ay mga tagapamayapa.

"… Ang isa sa mga pinakamagandang paraan na masusunod natin ang Tagapagligtas ay ang maging tagapamayapa."

Bilang pagtatapos sa kanyang mga turo, sinabi niya: "Pinipili nating makipagtalo. Pinipili nating maging tagapamayapa. May kalayaan kayong piliin ang pagtatalo o pagkakasundo. Hinihikayat ko kayo napiliingmaging tagapamayapa, ngayon at sa tuwina."

Ang mga posibleng maging magkakalaban ay dapat simulan ang kanilang mga talakayan sa pagtukoy sa mga bagay na sinasang-ayunan ng lahat.

Upang masunod ang ating Perpektong Huwaran at ang Kanyang propeta, kailangan nating gawin ang bantog na Ginintuang Aral: "Kaya, anumang bagay na ibig ninyong gawin sa inyo ng mga tao, gayon ang gawin ninyo sa kanila; sapagkat ito ang kautusan at ang mga propeta."Kailangan nating magmahal at gumawa ng mabuti sa lahat. Kailangan nating iwasan ang pagtatalo at maging tagapamayapa sa lahat ng ating pakikipag-usap. Hindi ibig sabihin nito na ibaba ang ating mga alituntunin at pinapahalagahan kundi huminto sa malupit na pag-atake nito sa iba. Iyan ang ginawa ng ating Perpektong Huwaran sa Kanyang ministeryo. Iyan ang halimbawang ipinakita Niya para sa atin, habang inaanyayahan Niya tayong sumunod sa Kanya.

Sa kumperensyang ito apat na taon na ang nakalipas, binigyan tayo ni Pangulong Nelson ng isang hamon ng propeta para sa ating panahon:

"Handakabang hayaang manaig ang Diyos sa iyong buhay? Handakabang maging pinakamahalagang impluwensya ang Diyos sa buhay mo? Hahayaan mo ba ang Kanyang mga salita, Kanyang mga utos, at Kanyang mga tipan na impluwensyahan ang ginagawa mo sa bawat araw? Mas uunahin mo ba ang Kanyang tinig kaysa sa iba?"

As followers of Christ, we teach and testify of Jesus Christ, our Perfect Role Model. So let us follow Him by forgoing contention. As we pursue our preferred policies in public actions, let us qualify for His blessings by using the language and methods of peacemakers. In our families and other personalrelationships, let us avoid what is harsh and hateful. Let us seek to be holy, like our Savior, in whose holy name I testify and invoke His blessing to help us be Saints. In the name of Jesus Christ, amen.

Bilang tagasunod ni Cristo, itinuturo natin at pinatototohanan si Jesucristo, ang ating Perpektong Huwaran. Kaya tularan natin Siya sa pamamagitan ng pag-iwas sa alitan. Habang tayo ay nagpapatuloy sa ating mga nais na patakaran sa mga pampublikong gawi, maging karapat-dapat tayo sa Kanyang mga pagpapala sa pamamagitan ng paggamit ng mga wika at pamamaraan ng mga tagapamayapa. Sa ating pamilya at iba pang personal na relasyon, iwasan natin ang mga bagay na mararahas at puno ng galit. Ating sikaping maging banal, gaya ng ating Tagapagligtas, na ang banal na pangalan ay pinatototohanan ko at isinasamo na ang Kanyang pagpapala ay tulungan tayong maging mga Banal. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.